July 15, 2013

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**Blg. 47, s. 2013**

**BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2013**

Sa mga: **Tagamasid Pampurok**
**Punong/Guro/Namumunong Guro**
**Ng Paaralang Elementarya at Sekondarya**
**Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan**

1. Ang Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing Agosto 1-31 alinsunod sa itinakdang Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay ***Wika Natin ang Daang Matuwid***.

2. Ang layunin ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

a. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at

b. maganyak ang mamamayang Filipino na pahalagahan ng wikang Filipino sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Hinati sa mga sumusunod na diwa ang pangkalahatang tema ng pagdiriwang:

| **Petsa** | **Paksa/Gawain** |
|---|---|
| Agosto 1-7 | **Ang Wika Natin ay Wika sa Pangangalaga ng Kapaligiran**<br>• Pormal na pagbubukas ng pagdiriwang ng buwan ng wikang pambansa sa mga paaralan<br>• Banal na Misa<br>• Paggawa ng Slogan tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran<br>• Pagdaraos ng gawaing pangkapaligiran (OPLAN-LINIS) |
| Agosto 8-14 | **Ang wika Natin ay Sandata Laban sa Kahirapan**<br>• Gawaing – Pangwika na magpapaunlad sa kakayahan at kasanayan ng guro/mag-aaral laban sa kahirapan<br>• Paligsahan sa paggawa ng poster nam ay kaugnayan sa paksa. |
| Agosto 15-21 | **Ang Wika Natin ay Laban sa Katiwalian**<br>• Pampaaralang Paligsahan sa Inihandang Talumpati/Debate na pokus sa lingguhang paksa. |

- Pagsulat ng sanaysay tungkol sa paksa.

Agosto 22-28 **Ang Wika Natin ay Wika ng Mabilisan, Inklusibo at Sustenidong Kaunlaran**

- Pampaaralang Paligsahan sa Madulang Sabayang Pagbigkas tungkol sa paksa.

Agosto 29-31 **Ang Wika Natin ay Wika ng Katarungan at Kapayapaan**

- Pagdaraos ng Pampaaralang Palatuntunan sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2013

4. Mangyaring bigyan ng gawad parangal/sertipiko ng pagkilala ang mga nanalo sa pagdaraos ng pampinid na palatuntunan kaugnay ng Pagdiriwang.

5. Isusumite ang ulat ng nagawang pagdiriwang sa loob ng isang buwan sa Pansangay ng Tagapamasid sa Filipino sa ***Setymebre 6, 2013***.

6. Ang nasabing ulat ay nararapat na isumite ng bawat Purok/Distrito sa pamamahala ng Tagamasid Pampurok sa Elementarya at Punong guro sa Sekondarya.

7. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JOSE L. DONCILLO, CESO VI**
Kawaksing Tagapamanihala
Namumunong Tanggapan ng Tagapamanihala

**Sanggunian:** *Memorandum Pangkagawaran Blg. 89, s. 2013*

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa Ilalim ng sumusunod na Paksa:

**CELEBRATIONS AND FESTIVALS**
**LEARNING AREA, FILIPINO**